# KAPASIYAHAN BLG. 2025-112

**"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 6, S-2024 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG MALAWAK, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (*ANNUAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2025 NA NAGKAKAHALAGA NG LIMANG DAAN LIMAMPU'T SIYAM NA LIBO, APAT NA DAAN WALUMPU'T LIMANG PISO (₱559,485.00)."**

---

*Sa Pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Malawak para sa kanilang *Annual Budget* na laang gugulin para sa taong 2025 na nagkakahalaga ng ₱559,485.00;

**SAPAGKA'T**, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga kabataan ng Malawak at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kapasiyahan ng Sangguniang Kabataan ng Malawak ay walang nilalabag na batas o Kapasiyahang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 6, S-2024 ng Sangguniang Kabataan ng Malawak, Bustos, Bulacan na nauukol sa taunang laang gugulin o *annual budget* para sa taong 2025 na nagkakahalaga ng Limang Daan Limampu't Siyam na Libo, Apat na Daan Walumpu't Limang Piso (₱559,485.00).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-7 ng Abril taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Niña Nikkie Perez, MA**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni | **Soliman O. Santos**<br>Kasangguni |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasangguni | **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni |
| **Raymond R. Perez**<br>ABC Vice President | **Mel Ryan P. Juan**<br>SK President |

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-7 ng Abril taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim